

Abstract

This essay probes the personal and political doings of curating and teaching a course on Sugboanon literature focused on Mindanaw. Furthermore, it interrogates “regional hegemony” ensconced in the literary institutions and establishments in the peripheral of the nation’s periphery.

Keywords

mindanao literature
sugboanon literature
philippine literary studies
short story
cultural criticism

English title

The Idiom and Rhetoric of Sugboanon and the Regional in Mindanao Literature

ANG IDIOMAT RETORIKA NG SUGBOANON AT REHIYONAL SA PANITIKANG MINDANAW¹

JAY JOMAR F. QUINTOS

1 Lilimitahan ko ang sanaysay na ito sa pamamagitan ng pagbibigay-saklaw sa Mindanaw lamang at hindi na isasama ang arkipelago ng Sulu. Ito ay bunsod na rin ng realidad na kakaunti lamang ang bilang ng mga tao na nagsusulat at nagsasalita sa Sugboanong Binisaya sa arkipelago ng Sulu (binubuo ng tatlong probinsiya ng Basilan, Sulu, at Tawi-Tawi). Sinama (na mayroong iba’t ibang diyalekto) at Tagalog ang mga pangunahing wika na sinasalita sa arkipelago. Sa sanaysay na ito, gagamitin ko rin ang katawagang “Sugboanong Binisaya” bilang pantukoy sa wikang sinasalita ng karamihang populasyon sa probinsiya ng Cebu, Bohol, ilang bayan sa Katimugang Leyte, at ilang bahagi ng Mindanaw. Maaaring sipatin ang Binisaya bilang isang malawak na termino na maaaring tumukoy sa mga wikang sinasalita at ginagamit sa Kabisayaan tulad ng Sugboanong Binisaya, Hiligaynon, Akeanon, at Kinaray-a. Ilan naman sa mga nakausap kong Waray ang nagsabing hindi nila ipinapailalim ang mga diyalekto ng kanilang wikang “Waray” sa Binisaya. Ayon kay Edgar Godin ng *Bisaya* magasin, ang Binisaya ang katawagang tumutukoy sa mga wika sa Kabisayaan at ilang bahagi ng Kamindanawan habang ang Bisaya naman ang tumutukoy sa tao at identidad ng mga nasa Kabisayaan at ilang nasa Kamindanawan. Ngunit kung sasangguni naman kay Macario Tiu (2022), ang “Bisaya” ay hindi na lamang tumutukoy sa tao kundi maging sa wika na sinasalita. Ito ang kanyang napansin mula sa pagmamasid at pagsasaliksik sa mga komunidad.

SA TUWING BINABAGTAS ko ang halos isang oras na pagbaba mula Mintal patungo sa downtown na bahagi ng lungsod ng Davao, iisa ang tuwinang sinasambit ko sa drayber ng dyip o taksi sa oras na bababa na ako ng sasakyan: “Lugar lang.” Kasunod nito ang pagtabi ng sasakyan sa pinakamalapit na babaan ng mga pasahero. Kakaiba ito sa kadalasang binabanggit kung mapapadpad sa mga lunan sa Katagalugan kung saan tuwinang sinasabi ng mga pasahero ang mga katagang “para” o “sa tabi lang.” Sa Kabisayaan at ilang bahagi ng Kamindanawan, ginagamit ang hiniram na salitang Espanyol na “lugar” bilang katumbas ng “heograpikal na espasyo.” Halimbawa, *nakaadtu na ku sa lainláing lugar sa kalibútan* (nakarating na ako sa iba’t ibang lugar sa mundo). Maaari din naman na gamiting pandiwa ang “lugar” bilang “ilugar” na tumutukoy sa paghinto ng isang sasakyan sa tabi ng kalsada. Tulad ito ng pariralang *ilugar ang dyip ug muhúnung ka* (itabi mo ang dyip sa kalsada at huminto ka) (Wolff 1972, 1907). Sa pamamagitan ng mga katagang “lugar lang,” nakarating ako sa aking mga destinasyon. Hindi tuluyang nawawala sa gubat ng lungsod na taglay ang sapin-saping idioma’t retorika.

Ang alaalang kakabit ng “lugar lang” ang paulit-ulit na nagmumulto sa akin sa ilang talastasan hinggil sa ugnayan ng rehiyonal at pambansa. Hindi lamang isang beses kundi maraming ulit ko nang narinig ang bugtong na ito: *Papaano natin mailulugar ang rehiyonal sa lawas ng bansa at pambansa?* Kung ikakabit pa ang pagdalumat ng rehiyonal at pambansa sa panitikan, maaaring muling itanong: *papaano napagsasalikop ang paglulugar sa panitikang rehiyonal sa lawas ng pambansang panitikan?* Ito marahil ang pinagmumulan ng aking bagabag. Sa tuwing ginagamit natin ang “lugar” at “paglulugar” ng rehiyonal at panitikang rehiyonal sa kalawakan ng pambansang panitikan, papaano natin ipinapakahulugan ang “paglulugar”? Kung hinaharaya sa Sugboanong Binisaya ang “paglulugar,” halimbawa, tulad ng pagtabi ng isang sasakyan sa gilid ng kalsada, maaaring mahulog sa retorika ng “pagtatabi” at “pagsasantabi” ang talinghaga ng “paglulugar.” Marahil, mas nararapat ang paggamit sa pandiwang “pagmamapa” kung tutukuyin natin ang lunan ng rehiyonal sa kalawakan ng pambansa. May konotasyon ang “pagmamapa” ng simula’t sapul na pag-iral at muling pagharaya kaya’t muling inaapuhap ang landas at landasin nito. Ganito marahil ang higit na makatwirang pag-unawa sa pingkian ng rehiyonal at pambansa.

Ngunit papaano nga ba natin maimamapa ang panitikang rehiyonal sa lawas ng pambansang panitikan? Sa danas ng panitikang rehiyonal, papaano

rin mailalarawan ang tambisan ng gahom na umiinog sa bawat rehiyon? Mahalagang sipatin ang iba-ibang mito na ikinakabit sa panitikang rehiyonal lalo na ang mula sa punto de bista ng hinaharayang pambansang panitikan. Ang mga mitong ito ang nararapat basagin lalo na't ito rin ang mitong nagluluwal sa mga suliraning sinusuong sa pambansang hinagap at gunita.

Sa danas ko sa pagtuturo sa Unibersidad ng Pilipinas sa Mindanaw, kadalasang nagiging suliranin ng mga mag-aaral ang pagkakaiba sa mga kursong Filipino 20: Panitikang Filipino, Comparative Literature 150: Philippine Literature in English I (1901–1960), Comparative Literature 151: Philippine Literature in English II (1960 to the present), at Comparative Literature 152: Philippine Regional Literature in English Translation. Nagiging malinaw na sinkroniko at diakroniko ang maaaring gamiting pagdulog sa CL 150 at CL 151 na eksklusibo para sa panitikan sa Pilipinas na nakasulat sa wikang Ingles. Ngunit nagkakaroon ng agam-agam ang ilang mag-aaral sa tuwing magkasunod nilang kukuhanin ang mga kursong Filipino 20 at CL 152. Ano nga ba ang mga parametro na maaaring gamitin upang maitakda ang pagkakaiba ng dalawang kurso? Natatandaan ko ang tanong ng isang dating mag-aaral kung ang Filipino 20 raw ba ay “Panitikang Tagalog” at ang CL 152 naman ay “Panitikang Rehiyonal.” Lalong umigting ang mga ganitong agam-agam nang muli kong tasahin ang ginagamit kong silabus sa pagtuturo ng Filipino 20. Ginagamit ko ang aklat na *Philippine Literature: A History and Anthology* (1997) ng mag-asawang iskolar at mananaliksik na sina Bienvenido Lumbera at Cynthia Nograles Lumbera sa pagtuturo ng Filipino 20. Mapaghawan ng landas ang aklat nina Lumbera at Lumbera dahil sa politikal na balangkas na ginagamit nito sa paghahati-hati sa peryodisasyon sa panitikan ng Pilipinas. Dagdag pa, hindi kinalimutan ng mga editor ang mga katha mula sa rehiyon sa iba-ibang peryodisasyon nito. Ngunit sa pagtuturo ng Filipino 20 na ginagabayan ng imahinasyong pampanitikan na may saklaw na pambansa, hindi naiwasan na makaligtaan ang ilang mahahalagang pitak na maaaring maging panandang bato sa pagsulong at pag-unlad ng panitikang rehiyonal. Halimbawa, kadalasan nang binabanggit ang halaga ng aklat na *Mga Agos sa Disyerto* (1964) na kalaunan ay magiging pangalan ng isang grupo na kikilalanin bilang muhon sa panitikang Filipino. Mapangahas ang mga akda ng grupo na binubuo nina Rogelio Sicat, Edgardo Reyes, Efren Abueg, Dominador Mirasol, at Rogelio Ordoñez na tapat sa adhikaing magsilbing agos sa animo'y natutuyot na disyerto ng panitikang pinamumugaran ng komersiyalisado at makadayuhang tindig.

Hindi kailanman mawawala sa pag-aaral ng panitikang Filipino ang grupong Agos sa Disyerto. Ito ang nagtutulay sa makabayan at matapang na akda noong dekada 60 na susundan ng grupong Sigwa sa panahon ng Sigwa ng Unang Kuwarto noong dekada 70 na tutuloy sa progresibong grupo ng mga kabataang manunulat noong huling hati ng dekada 80 hanggang unang hati ng dekada 90 na tatawagin ang kanilang grupo bilang Katha. Ngunit kung dadako tayo sa panitikang Sugboanon, mayroon ding isang mahalagang grupo na itinatag noong 1969 sa Cebu—ang Bathalad-Cebu, na naglunsad sa maraming pagkakataon upang higit na mapaunlad ang panitikang Sugboanon sa Cebu na kalaunan ay aalingawngaw rin hanggang Mindanaw. Masasabing mahalagang tinig ang pinasimulan ng Bathalad-Cebu na kalaunan ay magluluwal sa Bathalad-Mindanaw noong 1990 sa antas ng pagpapayabong sa panitikang nakasulat sa Sugboanong Binisaya. Ngunit ang kahalagahan ng Bathalad-Cebu at Bathalad-Mindanaw ang nagiging patlang sa tuwing makakalimutan silang banggitin sa pag-aaral ng Filipino 20: Panitikang Filipino. Tanging sa *Comparative Literature* 152: *Philippine Regional Literature in English Translation* sila tuwinang nababanggit na animo’y pahapyaw at tokenistik lamang na sandali at pagkakataon na kinakailangang aralin. Batay sa ganitong karanasan, hindi mabubuo ang mga pambansang larawang ipinipinta ng mga salita sa panitikang Filipino kung mayroon pa ring guwang at siwang na patuloy na nakakaligtaan sa pambansang gunita.

Nang lumipat ako ng pinagtuturuang unibersidad mula Mindanaw patungo sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, higit na naging matingkad ang suliranin na kinaharap ko sa pagtuturo ng panitikang rehiyonal. Sa *Panitikan ng Pilipinas* 242: *Panitikang Sugboanon*, isang gradwadong kurso na itinuro ko noong unang semestre ng akademikong taon 2022–2023, lumitaw ang ilang suliranin na kinakaharap sa pag-aaral ng panitikang rehiyonal at panitikang Sugboanon. Noong unang ialok sa akin na ituro ang kursong ito, nagpahayag ako ng agam-agam. Bagaman nakapagsasalita’t nakapagbabasa ako sa Sugboanong Binisaya bunsod na rin ng halos isang dekadang pananahan sa Mindanaw, hindi ako bihasa sa kabuuan ng panitikang Sugboanon. Hinaharaya ko ang panitikang Sugboanon na hindi lamang nauukol sa probinsiya ng Cebu at Bohol kundi tumutulay hanggang sa ilang probinsiya sa Mindanaw. Kayat malaking batayan sa pagtanggap ko sa pagtuturo ng *Panitikan ng Pilipinas* 242 ang higit na pagbibigay-tuon sa panitikang Sugboanon sa Mindanaw kung saan nakatuon ang aking mga pananaliksik.

Sa pagsasaliksik ko sa kasaysayan ng kursong *Panitikan ng Pilipinas* 242,

lumilitaw na binhi nitong maituturing ang *Philippine Literature 203: The Literary Tradition in Sugboanon* na unang binuksan bilang gradwadong kurso sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman noong 1967. Binuksan ito bilang kurso isang taon matapos maitatag ang Departamento ng Pilipino at Panitikan ng Pilipinas noong 27 Enero 1966. Noong 1967, bukod sa *Philippine Literature 203*, nagkaroon ng iba't ibang gradwadong kurso na nakatalaga para sa mga panitikang rehiyonal tulad ng mga sumusunod: *Philippine Literature 205: The Literary Tradition in Iloko*, *Philippine Literature 207: The Literary Tradition in Hiligaynon*, at *Philippine Literature 211: The Literary Tradition in Selected Major Languages in the Visayas and Mindanao* (Teodoro 1982). Kalaunan, magsusupling muli ang mga kursong ito sa panibagong kurso bunsod na rin ng pagbabagong kurikulum sa departamento na tatawagin nang Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Sa kasalukuyan, mayroon pa ring mga gradwadong kurso na nagtatampok sa iba't ibang panitikang rehiyonal tulad ng mga sumusunod: *Panitikan ng Pilipinas 240: Panitikang Tagalog*, *Panitikan ng Pilipinas 241: Panitikang Iloko*, *Panitikan ng Pilipinas 242: Panitikang Sugboanon*, *Panitikan ng Pilipinas 243: Hiligaynon*, *Panitikan ng Pilipinas 244: Kapampangan*, *Panitikan ng Pilipinas 245: Pangasinense*, *Panitikan ng Pilipinas 246: Bikolano*, at *Panitikan ng Pilipinas 247: Samarnon-Leytenhon*.

Kung mapapansin, naging batayan sa kategorisasyon ng mga kurso ang lingguwistikong dalumat ng wika na ginagamit sa bawat rehiyon: Tagalog, Iloko, Sugboanon, Hiligaynon, Kapampangan, Pangasinense, Bikolano, at Samarnon-Leytenhon. Lumilikha ng diyalektika ang saping-saping pagpapakahulugan na maaaring ipagpalagay sa ganitong pihit ng kategorisasyon. Sa isang banda, espesipiko at tiyak ang pagkakahati-hati batay sa wika na kadalasang iniuugnay sa pook. Ngunit sa kabilang banda, nagiging problematiko ang ganitong pagtitilad-tilad lalo na kung titingnan ang panitikang rehiyonal na hindi na lamang nakatuon sa isang tiyak na wika o pook kung hindi sa mas malawak na konteksto. Sa bahagi ring ito pumupusyaw ang ilang katawagan na nais ibinyag at ipalit sa terminong “panitikang rehiyonal” tulad ng “panitikan ng mga etnolingguwistikong pangkat.” Bukod sa akademikong balangkas na magkukulong na naman sa panitikan sa nakamamanhid na rehas sa apat na sulok ng akademya, masasabing simplistiko at reduktibo ang katawagang “panitikan ng mga etnolingguwistikong pangkat” lalo na’t ikinukulong din nito ang panitikan sa tiyak na etnisidad at wika lamang. Ang isang magandang halimbawa rito ay ang mga akda ni Adelina Gurrea

na tinipon sa aklat na *Cuentos de Juana*. Binabanggit na ng ilang iskolar at kritiko na apat na ulit pinatay ang buhay ni Gurrea bilang manunulat bunsod ng kanyang pinamalagiang lugar (Madrid), wika (Espanyol), lunan ng kanyang akda (isang nakatagong bayan sa Bisayas), at kanyang kasarian (babae) (Cruz-Lucero 2013 100). Bagaman ipinanganak si Gurrea sa isang hacienda sa La Carlota, Negros, sa anino ng Bulkang Kanlaon, kalimitan pa ring isinasaalang-alang ang etnisidad na Kastila na kanyang pinagmulan. Kung susuriin ang mga akda ni Gurrea, itinatampok ng mga ito ang ilang lugar sa La Carlota kung saan namumuhay ang mga anak ng panginoong maylupa, kasama sa bahay, magsasaka, at maging ilang nilalang sa kinagisnang sistema ng paniniwala. Kalakip ng mga akda ni Gurrea ang danas ng iba't ibang uri ng tao sa Negros at sumisilip sa mga ito ang kanilang mga pakikibaka. Kung gayon, kung patuloy na gagamitin ang “panitikan ng mga etnolingguwistikong pangkat” bilang kapalit ng panitikang rehiyonal, saan dito maaaring imapa si Adelina Gurrea? Kung hindi isasama si Gurrea sa pag-aaral ng panitikang matatagpuan sa Kabisayaan, tuluyan na naman siyang maililibing sa imahinasyong pampanitikan sa Pilipinas kahit na taglay ng kanyang akda ang buhay, haraya, kultura, at pananaw-mundo ng Negros. Mahalagang sipatin na isang mahalagang manunulat si Gurrea na nararapat ipaloob sa lawas ng panitikang Hiligaynon.

Sa sanaysay na ito, kinikilala ko ang bagaheng maaaring idulot ng katawagang “panitikang rehiyonal,” lalo na’t nakasandig pa rin ang terminong ito sa administratibong kategorisasyon ng estado. Ang estado ring ito ang siyang lumilikha ng saping-kontra ng kontradiksiyon na patuloy na sumisiil sa hindi pantay na alokasyon sa antas ng panlipunan, pang-ekonomiya, pampolitika, at pangkulturang aspekto ng buhay sa bansa. Mahaba ang kasaysayan ng pagdalumat sa “panitikang rehiyonal” na maiuugat pa sa mga naunang isinulat nina Leopoldo Yabes, Lucila Hosillos, Rolando Tinio, Rogelio Sicat, Bienvenido Lumbera, at Resil Mojares. Hinaharaya ko sa sanaysay na ito ang patuloy na paggamit sa “panitikang rehiyonal” na maaaring magbigay-diin at magpaalala sa mahaba at masalimuot na pinagdaanang kasaysayan ng mga panitikang mula sa “rehiyon” at panitikang nasa “sentro.”

Ang Sugboanon sa Panitikang Mindanaw

Isang karanasang nagmarka sa kamalayan ko bilang guro at mananaliksik ang pagtuturo ng Panitikan ng Pilipinas 242: Panitikang Sugboanon. Mula

sa mga agam-agam sa pagtanggap sa pagtuturo nito, naging hamon para sa akin ang paglikha ng silabus na maaaring gamitin sa kurso. Lumilitaw na ang Panitikan ng Pilipinas 242 ay kurso na maaaring tumalakay sa *mga* panitikan na nakasulat sa Sugboanon, kabilang na ang mga nagmula sa Mindanaw. Bunsod na rin ng disiplinang pinanggalingan ko, idinisenyo ko ang kurso nang may historikal na landasin kung saan maaaring magsimula sa ilang akda na nakasulat sa Sugboanon na nagmula sa Cebu at kung papaanong naimpluwensiyahan ng mga ito ang ilang akdang nakasulat sa Sugboanon sa Mindanaw. Kasabay ng ganitong pagdulog ang pagtalakay rin sa kasaysayan na maaaring ugat ng mga digmaan at tunggalian na nagpapatuloy sa isla rehiyon ng Mindanaw at karatig na arkipelago ng Sulu. Sa Araling Mindanaw at Sulu, masasabing nag-iwan ng matinding latay ang programang homestead ng Estados Unidos at gobyerno ng Pilipinas na nag-anyaya sa maraming settler mula Luzon at Bisayas na angkinin ang ilang lupain sa Mindanaw na sinasabing “walang nagmamay-ari.” Kung susuriin, hindi naman talaga totoong walang nagmamay-ari sa mga lupaing ito na matagal nang pinamamalagian bilang espasyo at tahanan ng mga Lumad (nitibu o “katutubo”). Ngunit bunsod ng doktrinang regalia at pandarayuhan, unti-unting nawala ang mga lupaing ito sa kamay ng mga Lumad (Rodil 2004, 30–31). Nagbunga ang pagdagsa ng mga settler patungong Mindanaw nang paglaganap ng nananaig na kultura at wika sa Kabisayaan, partikular na sa Cebu at mga karatig nitong probinsiya. Isa ito sa mga dahilan kung bakit may mga lugar sa Mindanaw na gumagamit ng Sugboanong Binisaya at Hiligaynon bilang wika ng pakikipagtalastasan.

Nang makipagtagpo na ako sa mga sanaysay at akda na maaari kong ipabasa sa mga mag-aaral na kukuha ng Panitikan ng Pilipinas 242, tumambad sa akin ang ilang realisasyon hinggil sa kung papaano maaaring sukatin ang lawak ng panitikang Sugboanon at maging ang mga posibilidad nito sa panitikang Mindanaw. Sinimulan ko ang silabus sa pagpapabasa ng kanonikal na akda mula sa mga tanyag na manunulat sa panitikang Sugboanon sa Cebu tulad nina Vicente Sotto, Marcel Navarra, at Vicente Rama. Nakasulat sa Sugboanong Binisaya ang mga akda at may kalakip na salin sa Ingles. Ang bawat akda ay nagmula sa iba-ibang antolohiya tulad ng *Labindalawang Kuwento ni Vicente Sotto* (1998) na pinamatnugutan ni Erlinda K. Alburo, *Marcel M. Navarra: Cebuano Short Stories* (1986) na pinamatnugutan ni Teresita G. Maceda, at *The Vicente Rama Reader: An Introduction for Modern Readers* (2003) na pinamatnugutan

ni Fr. Rudy Villanueva. Kalakip ng mga ito ang introduksiyon na isinulat ni Resil B. Mojares para sa antolohiya na *Sugilanong Sugboanon: Cebuano Fiction until 1941 / 1941–2005* (2009). Nakamamanghang isipin na maaaring tahiin ang mga pinili kong akda nina Sotto, Navarra, at Rama lalo na't itinatampok ng mga ito ang pagharaya sa Mindanaw bilang isang espasyong tinatanaw mula sa pinanggalingan nilang probinsiya ng Cebu.

Sa *mubong sugilanon* (maikling kuwento) na “Ang Tinagoan ni Teresa” (Ang Lihim ni Teresa) ni Vicente Sotto, itinuturing na “Ama ng Panitikang Sugboanon,” itinatampok ang babaeng mula Magindanaw na nagngangalang Teresa. Nasa bingit ng paggawa ng isang desisyon si Teresa, kung ipalalaglag ba nito ang batang nasa kanyang sinapupunan o hindi. Namayapa na ang ama ng dinadala niyang bata kaya't tanging pagpapalaglag dito ang nakikita niyang solusyon upang mabuhay muli nang maayos at may dangal. Ngunit bunsod na rin sa pagpigil ng isang paring Katoliko, itinuloy ni Teresa ang pagbubuntis. Nang manganak na si Teresa, ipinaampon ang isinilang niyang sanggol na pinangalanang Silvestre sa isang tagabundok na nagngangalang Piya Masangkay. Matapos nito, tuluyan nang nilisan ni Teresa ang Magindanaw at saka nagtungo sa Cebu upang makapagsimula muli ng isang normal na buhay. Sa Cebu, napangasawa niya si Segundo Makisalin at nagbunga ang kanilang pag-iibigan ng isang batang babae—si Dunday. Lumipas ang labinlimang taon, nagtapat si Dunday na mayroon siyang kaklase na nagpahayag ng pag-ibig. Ang kaklase'y kaedad niya, nagmula sa Magindanaw, at ulila nang lubos kaya't pinag-aral ng kanilang munisipyo sa Cebu. Ang pangalan nito ay Silvestre Masangkay. Laking gulat ni Teresa nang malaman ang pangalan ng lalaki. Nangangahulugan ito na ang iniirong ni Dunday ay walang iba kundi si Silvestre Masangkay—ang kanyang anak na itinago sa Magindanaw. Hindi kinaya ni Teresa ang nalaman kaya't minabuti niyang kitlin na lamang ang sarili upang mahanap ang katahimikan. Sa huli, hindi natuloy ang pagpapakasal nina Silvestre at Dunday; nagmahalan na lamang sila bilang magkapatid.

Sa “Sa Lunhawng Tugwayanan” (In the Green Fields) ni Marcel Navarra, itinuturing naman na “Amang Modernong Maikling Kuwento sa Sugbuanon,” sityo ang Mindanaw bilang lunan na tinatanaw mula sa Kabisayaan. Mahirap ang buhay para sa mag-asawang sina Iping at Karing sa isang hacienda ng asukal sa Cebu, lalo na't nadagdagan pa ng isang supling ang kanilang pamilya. Bunsod na rin ng hindi makataong pagpapasuweldo at hirap ng buhay sa hacienda, minabuti ni Iping na pilitin ang kanyang asawa

na lumipat na lamang sa Mindanaw upang doon hanapin ang magandang kapalaran. Noong una'y hindi nagpapapilit si Karing, ngunit sa huli'y wala na rin itong nagawa kundi tumalima sa nilalayan ng kanyang bana. Sa Pikit, Hilagang Cotabato, nakabili si Iping ng kalabaw at lupang sasakahin na dating pagmamay-ari ng isang Moro. Pinagyaman niya ito at saka kalaunan ay humiling sa munisipyo para sa homestead. Lumipas ang panahon ng tag-ani at taglagas, nakararamdam pa rin ng hindi mapangalanang lumbay sina Iping at Karing. Isang araw, habang nakamasid si Iping sa kanyang munting luntiing bukid, narinig niya ang malakas na palahaw ng kanyang asawa. Namatay ang kanilang anak na si Dodong sa iniinda nitong lagnat na hindi nakayang lunasan ng kanilang kapitbahay. Sa huli'y trahedya ang kinahinatnan nina Iping at Karing sa paghahanap ng tahimik at payapang buhay sa luntiing bukid ng Mindanaw.

Kung isang espasyo ang Mindanaw na tinatakanan at nililipatan sa dalawang naunang *mubong sugilanon*, tila isang babala naman ang pagtanaw rito sa satirikong sanaysay ni Vicente Rama na "Adunay Kahoy sa Mindanaw nga Mokaon ug Tawo?" (The Man-Eaters of Mindanao). Tinalakay sa sanaysay kung papaanong kumalat ang balita hinggil sa isang puno sa Mindanaw na kumakain ng tao. Isang minero na nagngangalang W. C. Bryant ang nagsabing mayroong isang halimaw na puno sa Mindanaw na dapat katakutan dahil sa mga gawi nito tulad ng pagpatay at pagkain sa mga tao at hayop. Nagbunga ang balita ng pangamba sa maraming tao lalo na para sa mga nagnanais pumunta sa isla rehiyon ng Mindanaw upang magtrabaho. Ngunit sa pagsasaliksik sa mga naunang akda tulad ng ginawa ni Fr. Ignacio Alcina, SJ, lumilitaw na mayroon ngang puno na makamandag at nakalalason ang katas na maaaring pumuksa ng buhay ngunit hindi ito kumakain ng tao at hayop tulad ng naunang sabi-sabi.

Mula sa tatlong akda, lumilitaw ang ilang diskursibong pagpapakahulugan hinggil sa pagtanaw sa isla rehiyon ng Mindanaw. Sapin-sapin ang kahulugan na ipinapabatid ng mga akda lalo na sa antas kung papaano ito hinaharaya ng mga nasa Kabisayaan. Animo'y isang lunan ang Mindanaw na kinakailangang takasan dahil sa pagkakasala at kasinungalingan sa "Ang Tinagoan ni Teresa," habang "lupang pangako" naman ng magandang buhay ang hatid nito ngunit nakakubli pa rin ang isang trahedya sa "Sa Lunhawng Tugwayanan." Mahiwagang espasyo na pinamumugaran ng mga halimaw na puno naman ang pagturing dito sa "Adunay Kahoy sa Mindanaw nga Mokaon ug Tawo?" Ito marahil ang parikala kung papaano hinaharaya ang Mindanaw sa imahinasyon

ng mga nasa labas nito. “Lupang pangako” at “hardin ng mga diyos” sa isang banda, ngunit nagiging lupain din ng kasalanan, kahiwagaan, at panganib sa kabilang banda.

Kapansin-pansin din sa mga akda ang diskursibong kahulugan ng Mindanaw kung saan ang mga lupain ay unti-unting nawawala mula sa mga orihinal na nagmamay-ari rito tulad ng lupaing binili ni Iping na dating pagmamay-ari ng isang Moro sa “Sa Lunhawng Tugwayanan.” Mahuhugot sa pangyayaring ito ang programang homestead na tuluyang sumupil sa ilang naunang tao sa Mindanaw, partikular na sa mga Lumad at Moro. Hanggang sa ngayon, lupa na tuluyang sinakop ng pandarayuhan ang itinuturing na malaking suliranin ng maraming Lumad at Moro sa Mindanaw. Maraming bilang ng mga Amerikano at Hapones ang nagtatag ng kani-kanilang mga negosyo sa Mindanaw at malaki rin ang bahagdan ng mga settler mula Luzon at Bisayas na piniling dito na manirahan. Mahihiwatigan din ang tila kakulangan ng mga batayang pangangailangan sa Mindanaw sa “Ang Tinagoan ni Teresa” kaya’t kinailangan ni Silvestre Masangkay na magtungo sa Cebu upang doon mag-aral ng pagiging guro. Isa rin ito sa mga patuloy na tinitiiis ng maraming naninirahan sa Mindanaw—ang kakulangan sa mga saligang serbisyo sa antas ng panlipunan, pang-ekonomiya, pampolitika, at pangkultura. Ganito rin ang realidad sa “Sa Lunhawng Tugwayanan” na hinaharaya sa kuwento bilang lugar kung saan hindi maayos ang batayang pangmediko at pangkalusugan lalo na sa kakulangan ng mga ospital at doktor. Lantad din ang diskursibong pihit sa Mindanaw bilang sityo ng katatakutan sa “Adunay Kahoy sa Mindanaw nga Mokaon ug Tawo?,” bagaman isang sarkastikong sanaysay. Inihahayag ito bilang lunan na kinakailangang katakutan, na masasabing hindi nalalayo sa ikinakalat na pahayag ng mga Amerikano hinggil sa pagiging juramentado, rebelde, at barbaro ng mga nananahan sa isla rehiyon at karatig na arkipelago.

Sang-ayon sa ganitong pagsipat, maaaring basahin ang mga akda nina Sotto, Navarra, at Rama bilang produkto ng isang panahon sa yugto ng kolonyalismong Estados Unidos kung saan tuluyang isinantabi ang Mindanaw sa pambansang naratibo. Tila ginawang “Iba” ang Mindanaw sa pananaw ng “Sarili” ng mga may akda. At kung susumahin ang diskursibong paglalarawan sa mga akda, ang Mindanaw ang tila “Iba” sa salaysay na naglalarawan hinggil sa kanilang kasaysayan, kultura, at etnisidad.

Bilang produkto ng kanilang panahon, ninanais kong lagumin ang mga pagsusuri sa mga akda nina Sotto, Navarra, at Rama sa pamamagitan

ng muling pagsangguni sa introduksiyon ni Resil B. Mojares sa aklat na *Sugilanong Sugboanon: Cebuano Fiction* (2009). Dalawang tomo ang antolohiyang ito na nagtatampok sa mga *mubong sugilanon* na nakasulat at nalimbag sa Sugboanong Binisaya (bagaman ang *La Teresa* ni Antonio Ubeda de la Santisima Trinidad ay nakasulat sa Espanyol) mula ikalabinsiyam na dantaon hanggang 1941 at mula 1941 hanggang 2005. Tinipon at isinalin ang mga akda sa antolohiya nina Erlinda K. Alburo, Vicente Bandillo, Simeon Dumdum Jr., at Resil B. Mojares. Mula sa pamagat ng antolohiya na *Sugilanong Sugboanon: Cebuano Fiction*, maaaring mahinuha na itinatampok ng antolohiya ang mga *mubong sugilanon* sa kalawakan ng Panitikang Sugboanon lalo na't wala namang espesipiko at partikular na lunan na binabanggit sa pamagat. Ngunit kung titingnan ang talaan ng nilalaman ng dalawang tomo ng antolohiya, kapansin-pansin na binubuo lamang ito ng mga *sugilanon* mula sa Cebu at Bohol, liban sa akda ni Pantaleon V. Kardenas na bagaman pinanganak sa Barili, Cebu, ay lumipat naman sa Ozamis sa Mindanaw noong 1939. Ngunit kung tutuusin, ang *mubong sugilanon* ni Kardenas na "Ang Panimalus nu Sido" mula sa *Ubus sa Magtalisay* na inilathala noong 1935 ang inilakip ng mga editor sa antolohiya. Nangangahulugan ito na hindi pa umaalis si Kardenas sa Cebu kaya't maikakategorya ang kanyang akda bilang panitikan mula sa probinsiya ng Cebu. Kapansin-pansin din na hindi man lamang naisama sa antolohiya si Gardeopatra Quijano na may ugnayan kapwa sa Cebu at Mindanaw. Mahalagang sipatin na bukod sa mga *mubong sugilanon* sa Sugboanong Binisaya ni Quijano, makabuluhan ang kanyang mga feministang akda tulad ng nobelang *Lourdes* na maaaring ipagpalagay bilang ang unang nobela na nalathala mula Mindanaw.

Sa ganitong pagbasa, maaaring itanong: *nasaan ang mga akdang nakasulat sa Sugboanong Binisaya mula sa Mindanaw sa lawas ng panitikang Sugboanon?* At maaari pang idagdag na tanong: *ang pagsasantabi ba sa panitikang Sugboanon sa Mindanaw sa lawas ng panitikang Sugboanon ay masasabing bahagi ng rehiyonal na hegemoniya?*² Kung susundan ang ganitong argumento, maaaring ipagpalagay na hindi lamang nagaganap ang hindi pantay na ugnayan ng gahom sa antas ng rehiyonal at

2 Ginagamit ko ang terminong "rehiyonal na hegemoniya" bilang pantukoy sa hindi pantay na mga ugnayan at kalakaran na nagaganap sa mga panitikang rehiyonal. Kadalasan nang binabanggit ang talaban ng panitikan sa sentro at panitikang rehiyonal ngunit mahalaga ring sipatin ang mga talabang nagaganap sa loob mismo ng panitikang rehiyonal. Hindi ko gagamitin ang salita sa Sugboanong Binisaya na "gahom" bilang katumbas ng "hegemony" na unang dinalumat ni Antonio Gramsci. Naniniwala akong mayroong mahalagang diskurso ang salitang "gahom" sa labas ng ikinukulong ditong pag-unawa bilang katumbas ng "hegemony."

pambansa. Maging sa antas ng rehiyonal ay mayroong hindi pantay na talaban ng mga gahom.

Maaaring lalong mapaigting ang pagtalakay sa ganitong talaban sa pamamagitan ng isa pang antolohiya ni Merlie M. Alunan na *Sa Atong Dila: Introduction to Visayan Literature* (2013). Mahalaga ang binabanggit ni Alunan sa kanyang introduksiyon hinggil sa lawak at sakop ng panitikang Sugboanon: “Cebuano literature is not confined only in the island of Cebu but covers all Cebuano speaking areas in the Visayas and Mindanao” (135). Makatwiran ang ganitong pagsipat sa panitikang Sugboanon na pinapalawak ang konteksto at higit na nagiging patas sa heograpikal at politikal na pagdalumat. Ngunit kung sasangguniin muli ang talaan ng nilalaman sa antolohiya ni Alunan, hinati niya ito sa tatlong bahagi: Silangang Bisayas, Gitnang Bisayas, at Kanlurang Bisayas (na hinati sa iba-iba pang wika na matatagpuan doon tulad ng Hiligaynon, Akeanon, at Kinaray-a). Maaaring banggitin na nararapat lamang ito dahil tulad ng pamagat ng antolohiya, *Sa Atong Dila: Introduction to Visayan Literature*, nangangahulugan ito ng pagtukoy sa panitikan na matatagpuan sa Visayas. Ngunit nakapagtataka na kabilang sa kategorya ng “Gitnang Bisayas” (Cebu at Bohol) sina Macario Tiu para sa kanyang *mubong sugilanon* na “Tsuru” at si Don Pagusara para sa kanyang *balak* (tula) na “Balitaw sa Bag-ong Rosas Pandan.” Sina Tiu at Pagusara ay kapwa multilinguwal na manunulat sa Sugboanong Binisaya, Tagalog, at Ingles na nagmula sa lungsod ng Davao sa Mindanaw. Kapwa miyembro at tagapagtatag ang dalawang manunulat ng Davao Writers Guild.³

Maaaring sabihin na maliit na bagay ang paglilista kina Macario Tiu at Don Pagusara sa talaan ng mga manunulat sa Gitnang Bisayas, ngunit nararapat ding sipatin ang halaga ng mga akda ng dalawang manunulat sa pakikisangkot sa pagguhit ng kasaysayan na nakaugnay sa kanilang pinanggalingang lugar. Sa mga akda nina Tiu at Pagusara, litaw na litaw ang pagbibigay-diin sa kontribusyon ng lungsod ng Davao at ng

3 Hindi lamang ito ang pagkakataon na nakaligtaan ni Merlie Alunan ang panitikang Sugboanon sa Mindanaw sa pagtalakay sa kalawakan ng panitikang Sugboanon. May isang proyekto si Alunan na may tentatibong pamagat na “Southern Writers” na binubuo ng mga manunulat mula sa Kabisayaan na wala ni isang taga-Mindanaw. Sa isang Facebook status ng manunulat mula Cagayan de Oro na si Alton Dapanas, binigyang-diin kung papaano nangyari na may tentatibong pamagat ang aklat na “Southern Writers” gayong wala man lamang ni isang manunulat ang nagmula sa Mindanaw—ang katimugang bahagi ng bansa. Dagdag pa ni Dapanas, nangangahulugan ba sa aklat ni Alunan na ang Visayas ang siyang pinakadulo at pinakaibabang bahagi ng Pilipinas na tila nagbubura na naman sa Mindanaw at panitikan nito? Ayon sa aking nasaliksik, nakatakda sanang ilathala ang aklat ng isang palimbagan mula sa isang rehiyon sa Katimugang Luzon ngunit hindi na ito natuloy bunsod na rin sa naging kritika ni Dapanas.

kabuuang Mindanaw sa mahahalagang pitak sa kasaysayan ng bansa. Nariyan ang mubong sugilanon ni Macario Tiu na “Skyrose” (ginamit niya ang pangalang Felipe Granrojo) na nagtatampok sa pakikibaka ng ilang indibidwal sa Davao sa panahon ng batas militar ni Marcos noong dekada 70. Nariyan din ang “Ang Hinayawng Bagito” (The Dancing Neophyte) ni Don Pagusara na nagbibigay ng malinaw na detalye sa iba’t ibang anyo ng pagpatay sa panahon ni Duterte bilang meyor ng lungsod ng Davao at ni Gloria Macapagal Arroyo bilang presidente ng bansa na nagpatupad ng kampanyang Oplan Bantay Laya.

Sa pamamagitan ng pagbura sa pinagmulang lugar nina Tiu at Pagusara, sa kontekstong ito ay ang lungsod ng Davao sa Mindanaw, tila nagkakaroon din ng paglilibing sa hitik na hitik na haraya sa tekstura ng kanilang mga akda na nakapaloob sa lawas ng panitikang Sugboanon sa Mindanaw. Nagiging makabuluhan sa tuwinang pagbubura sa panitikang Sugboanon mula sa Mindanaw sa kalawakan ng panitikang Sugboanon ang binabanggit na pagturing bilang “Iba”—hindi kasama at isinantabi—sa hinaharayang “Sarili” ng dinadalumat na “sentro” ng Panitikang Sugboanon.

Koda

Umaalingawngaw ang suliranin sa reduktibong pagtanaw sa Panitikang Sugboanon maging hanggang sa mga timpalak, publikasyon, at kumperensiya. Bunsod na rin ng iba’t ibang diyalekto ng Sugboanong Binisaya, nagiging malaking usapin ang pamantayang gagamitin sa pagsuri at pag-uri ng mga akda. Kadalasan, nagkakaroon ng lamentasyon sa pagkakaroon dapat ng pantay na alokasyon ng representasyon sa mga huradong kikilatis sa mga akdang isinasali sa mga timpalak. Maaaring iba ang maging pamantayan ng isang nagmula sa probinsiya ng Cebu kung ihahambing ito sa nagmula sa Katimugang Leyte at Bohol o kaya naman ay kung nagmula ito sa ilang bahagi ng Mindanaw. Pilit inaapuhap ang “pantay” na “pamantayan” sa iba-ibang diyalektong ginagamit sa pagsusulat sa panitikang Sugboanon.

Naituro ko ang gradwadong kursong Panitikan ng Pilipinas 242: Panitikang Sugboanon noong unang semestre ng akademikong taon 2022–2023 ng mayroong apat na estudyante. Tatlo sa kanila ang marunong magsalita at sumulat sa Sugboanong Binisaya habang ang isa naman ay mula sa Katagalugan. Ang isang mag-aaral naman sa MA Creative Writing mula Cagayan de Oro ay hindi na tumuloy bunsod sa takot na wikang

“Filipino” lamang ang maaaring gamitin sa pagsusulat ng mga papel. Sa aking palagay, isa pa rin ito sa mga problemang maaaring tugunan kung hindi na lamang natin ibabatay ang panitikang rehiyonal sa isang tiyak na wika at pook. Sa ilang pulong namin sa klase, sinusubukan naming magtalastasan gamit ang Sugboanong Binisaya, lalo na sa pagsusuri sa mga akda at pagtimbang sa mga salin nito.

Hanggang sa kasalukuyan, patuloy akong nagsasaliksik, nagbabasa, at nakikipagkuwentuhan sa ilang manunulat sa Sugboanong Binisaya mula Mindanaw hinggil sa kung papaano natin ito maaaring imapa sa kalawakan ng panitikang Sugboanon. Napakaraming aspekto ang kailangang isaalang-alang sa pagmamapang ito. At kung sisipatin din ang lawak at sakop ng panitikang Mindanaw, nakamamanghang isipin na patuloy pa rin ang iba-ibang diskursong maaaring matuklasan sa nagkakaiba-ibang panitikan na bumubuo rito—oral at nakalimbag, “katutubo” at settler, at ang sala-salabid na sinulid ng mga salitang ginagamit sa pagsusulat. Isa lamang ang Sugboanong Binisaya sa nagsasanga-sangang sinulid ng wika na maaaring mahabi mula sa mga panitikang matatagpuan sa Mindanaw.

Sa pinakabagong antolohiyang *Kalandrakas: Stories and Storytellers of/on Regions in Mindanao, 1890-1990: A Preliminary and Continuing Survey and Literary Mapping* (2022) hinggil sa panitikang Mindanaw, binabanggit ng makata at editor na si Ricardo de Ungria ang mga sumusunod: “I see no pressure to ‘theorize’ on regional literatures, much less on Mindanao literature. What is of the moment is to start thinking differently about giving due appreciations for the literatures we have and to keep our writers writing in the regional languages they know and our literatures alive and in ferment” (32). Bagaman kinikilala natin ang dunong na maaaring makuha sa pahayag na ito, mananatili ang mga patlang at siwang sa hinaharayang panitikang pambansa, kung patuloy na pagdiriwang at pagbibigay-lugod lamang ang maaari nating ihandog sa panitikang rehiyonal at panitikang Mindanaw. Higit na kailangan, lalo na’t mayroon namang kakayanan ang panitikang Mindanaw, ang pagbuo ng mga pagdulog at pagbalangkas na maaaring “pumantay” sa “pamantayan” na idinidikta ng mga panitikan sa sentro. Masidhi rin ang pangangailangan sa paglikha ng mga kuwadro at lente na maaari nating gamitin sa pagsipat sa landasin at tunguhin ng panitikang Mindanaw.

Marahil, ang epistemiko at hindi tuwirang pagsasantabi sa panitikang Sugboanon sa Mindanaw sa lawas ng panitikang Sugboanon ay isang

sintomas na kinakailangan nating ituring bilang seryosong usapin. Ang “paglulugar” at “pagsasantabi” ay hindi nakatutulong sa pagharaya at pag-unawa sa komprehensibo at pinagyayabong na *mga* panitikang pambansa, *mga* panitikan sa bansa na nag-iiba-iba batay sa tumatanaw at sumusulyap.

Sanggunian

- Abueg, Efren R., pat. 1964. *Mga Agos sa Disyerto: Katipunan ng Maiikling Katha sa Pilipino*. Mandaluyong: Cacho Hermanos.
- Alburo, Erlinda K., Vicente Bandillo, Simeon Dumdum Jr., at Resil B. Mojares, mga pat. 2009. *Sugilanong Sugboanon: Cebuano Fiction until 1941 / 1941–2005*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Alunan, Merlie, pat. 2013. *Sa Atong Dila: Introduction to Visayan Literature*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Cruz-Lucero, Rosario. 2013. “Gods, Monsters, Heroes, and Tricksters in Adelina Gurrea’s Cuentos de Juana.” *Nasa Kritika Kultura* 20, 99-128.
- de Ungria, Ricardo M., pat. 2022. *Kalandrakas: Stories and Storytellers of/on Regions in Mindanao, 1890–1990: A Preliminary and Continuing Survey and Literary Mapping*. Two volumes. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Lumbera, Bienvenido, at Cynthia Nograles Lumbera. 1997. *Philippine Literature: A History and Anthology*. Pasig City: Anvil Publishing.
- Navarra, Marcel. 1986. *Marcel M. Navarra: Cebuano Short Stories*. Inedit ni Teresita G. Maceda. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Rama, Vicente. 2003. *The Vicente Rama Reader: An Introduction for Modern Readers*. Inedit ni Fr. Rudy Villanueva. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Rodil, Buhay Rody. 2004. *The Minoritization of the Indigenous Communities of Mindanao and the Sulu Archipelago*. Davao City: Alternative Forum for Research in Mindanao.
- Sotto, Vicente. 1998. *Labindalawang Kuwento ni Vicente Sotto*. Inedit ni Erlinda K. Alburo. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino.
- Teodoro, Noel. 1982. *The Department of Filipino and Philippine Literature: 1966-1981*.
- Tiu, Macario D. 2022. Foreword sa *Dili Pwede Mogawas* ni Joy Elizabeth Serrano-Quijano. Davao City: Ateneo de Davao Research and Publication Office.
- Wolff, John W. 1972. *A Dictionary of Cebuano Visayan*. Two volumes. Ithaca: Southeast Asia Program, Cornell University.